



REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
 KALAKHANG MAYNILA



Sangguniang Panlungsod



KAUTUSANG PANLUNGSOD BILANG 17-087

KAUTUSANG PANLUNGSOD NA INAAMYENDAHAN ANG MGA SUMUSUNOD NA SEKSYON: 6.B, SEKSIYON 6.B i, ii, at iii AT SEKSYON 8.4.B i, ii O ANG MGA PROBIYONG MAY PENAL/PARUSA NG KAUTUSANG PANLUNGSOD BILANG 04-013 O ANG KAUTUSANG IPINAGBABAWAL ANG SASAKYANG PAMPUBLIKO/PAMPASAHERO O PANSARILI NA NAGBUBUGA NG USOK, MAPUTI O MAITIM MAN SA MGA LANSANGANG SAKOP NG LUNGSOD NG MUNTINLUPA.

Ipinanukala ni:

- Kgg. Kon. Victor L. Ulanday**
- Kgg. Kon. Atty. Patricio L. Boncayao, Jr.**
- Kgg. Kon. Bal Niefes**
- Kgg. Kon. Stephanie G. Teves**
- Kgg. Kon. Allan Rey A. Camilon**
- Kgg. Kon. Louisito A. Arciaga**
- Kgg. Kon. Ivey Rhia Arciaga-Tadefa**
- Kgg. Kon. Ma. Dhesiree G. Arevalo**
- Kgg. Kon. Marissa Cole-Rongavilla**
- Kgg. Kon. Mark Lester M. Baes**
- Kgg. Kon. Lucio B. Constantino**
- Kgg. Kon. Rafael T. Sevilla**
- Kgg. Kon. Grace B. Gonzaga**

SAPAGKAT, ang Kalusugan nang bawat isang mamamayan ng Muntinlupa ay isang kayamanan na dapat pangalagaan at patnubayan sa pamumuno ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay nagpasa ng **Kautusang Bayan Bilang 89-17** na ipinagbabawal ang mga sasakyang Pampubliko/Pampasahero o Pansarili na nagbubuga ng usok, maputi o maitim man sa mga lansangang sakop ng Bayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, ang nabanggit na Ordinansa ay inamyendahan ng Sangguniang Panlungsod noong ika-14 ng Oktubre 2014 sa pamamagitan ng **Kautusang Panlungsod Bilang 04-013** na kung saan binibigyan diin hindi lamang ang pagtataas ng parusa sa mga iumalabag ng Ordinansa gayundin ang pagtatakda ng iba't-ibang alituntunin para sa pagpapatupad nito alinsunod sa itinakda ng **Republic Act 8749** o ang **Philippine Clean Air Act**;

SAPAGKAT, ilang dekada na ang nakalipas at marami na ring mga pagbabago sa mga polisiya ng Pamahalaang Nasyonal dahil sa mga tratadong pinasok ng Bansa ukol sa pangangalaga ng Kalikasan at ang paglaban sa pinsaiang dulot ng **Climate Change**;

Victor L. Ulanday





REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA



Sangguniang Panlungsod

Pahina 2
Kapasiyahang Panlungsod Bilang 17-087



SAPAGKAT, salig sa prinsipyo nang pagsunod sa hamon ng makabagong panahon, kinakailangang amyendahan ang mga probisyong may penal ng **Kautusang Panlungsod 04-013** upang mapalakas ang kampanya laban sa mga sasakyang pampubliko/pampasahero o pansarili na nagbubuga ng nakamamatay at nakasisira sa kalusugang sanhi ng usok sa ating mga lansangan;

NGAYON, DAHIL DITO, ISINASABATAS, ng 8th Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ang mga sumusunod:

SEKSIYON 1. Ang Ordinansang ito ay kikilalanin na "**Kautusang nag-aamyenda sa mga Penal na Probisyon ng Kautusang Panlungsod Bilang 04-013**";

SEKSIYON 2. Ang mga Probisyon bilang 6.B, Seksyon 6.B i, ii, at iii at Seksyon 8.4.B i, ii na matatagpuan sa Kautusang Panlungsod Bilang 04-013 ay inaamyendahan at ngayon ay babasahin:

Seksiyon 6.B Ang *may-ari/operator/drayber* ng sasakyan na lalabag sa Kautusang ito ay papatawan ng mga sumusunod na parusa:

- i. **Unang Paglabag** - Multa na halagang *Isang Libong Piso* (P1,000.00).
- ii. **Ikalawang Paglabag** - Multa na halagang *Dalawang Libong Piso* (P2,000.00).
- iii. **Ikatlong Paglabag** - Multa na halagang *Tatlong Libong Piso* (P3,000.00).
- iv. **Ikaapat o mas higit pang Paglabag** – Ang pagkumpiska ng sasakyan (**impounding of vehicle**) at ang pagbabayad ng kaukulang halaga para sa "**impounding fee**" alinsunod sa **Seksiyon 7** ng Kautusang Panlungsod Bilang 04-013.

Seksiyon 8.4 Upa sa Pagsusuri ng Usok:

B. Sasakyang nasa kategorya ng "medium"

- | | | |
|---|---|----------|
| i. Boluntaryo o kusang pagsusuri | - | P 120.00 |
| ii. Lumabag sa kautusan at nais magpasuri | - | 150.00 |

SEKSIYON 3. Inaatasan ang mga **Tanggapan ng Pangangalaga ng Kapaligiran at Likas Yaman (EPNRO)**, **Tanggapan ng Kalusugan (CHO)** at ang **Tanggapan ng Pampublikong Impormasyon (PIO)** na ipalaganap ang isinasaad ng Kautusang ito;

SEKSIYON 4. Alinmang probisyon ng naunang Ordinansa na hindi tugma sa mga probisyon ng Kautusang ito ay pinawawalang bisa.

SEKSIYON 5. Alinmang mga parte o mga probisyon na hindi naapektuhan ng Kautusang ito ay **mananatiling epektibo at balido**.



REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
 KALAKHANG MAYNILA



Sangguniang Panlungsod



Pahina 3

Kapasiyahang Panlungsod Bilang 17-087

SEKSIYON 6. Sugnay ng Epektibo - Ang Ordinansang ito ay magkakabisa Labinlimang Araw matapos ng pagpapaskil sa mga hayag na lugar at paglalathala sa pahayagan.

PINAGTIBAY, ng 8th Sangguniang Panlungsod ngayong ika-17 ng Abril 2017, sa ginanap na Ika- 34th na Regular na Pagpupulong.

SINANG-AYUNAN:

DISTRITO I:

KGG. MGGL. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.

Miyembro

KGG. BAL NIEFES

Miyembro

KGG. STEPHANIE G. TEVES

Miyembro

KGG. ALLAN REY A. CAMILON

Miyembro

KGG. IVEE RHIA A. TADEFA

Miyembro

DISTRITO II:

KGG. MA. DHESIREE G. AREVALO

Miyembro

KGG. MARISSA C. RONGAVILLA

Miyembro

KGG. MARK LESTER M. BAES

Miyembro

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO

Miyembro

KGG. RAFAEL T. SEVILLA

Miyembro

KGG. GRACE B. GONZAGA

Miyembro

KGG. VICTOR L. ULANDAY

Miyembro

LIBAN:

KGG. RINGO A. TEVES

Miyembro

YAN ANG TAMA YAN ANG MUNTINLUPA!



REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA



Sangguniang Panlungsod



Pahina 4
Kapasiyahang Panlungsod Bilang 17-087

KG. LOUISITO A. ARCIAGA
Miyembro

KG. ALEXANDER B. DIAZ
Miyembro

KG. CHRISTINE MAY A. ABAS
Miyembro

KG. WALTER A. ARCILLA
Kinatawan ng Sector
Pangulo
Liga ng mga Barangay

PINATOTOTOHANAN KO, ang katumpakan ng Kautusang ito.

CELINDA G. APORONGAO
Supervising Admin Officer

PINATUTUNAYAN:

CELSO C. DIOKO
Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal

PINAGTIBAY:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Punonglungsod

Petsa: 23 MAY 2017

Norie/8th SP

YAN ANG TAMA, YAN ANG MUNTINLUPA!